## Mga Kontak sa Seattle DCI

Upang magbigay ng mga puna:
Magpadala ng sulat sa Seattle DCI, Public Resource Center (PRC), Suite 2000, P.O. Box 34019, Seattle, WA 98124-4019, o magpadala ng email sa PRC sa **prc@seattle.gov**. Ang mga puna ay dapat nakasulat.

**Upang makatanggap ng pampublikong pasabi ng MUP Aplikasyon, desisyon, at pulong:**
Bisitahin sa aming Land Use Information Bulletin (LUIB) website: **http://web6.seattle.gov/dpd/luib/**. Ang LUIB ay inilalathala ng Lunes at Huwebes. Maaari kayong lumagda upang makatanggap ng dalawang beses sa isang linggo na e-mail alert kapag ang LUIB ay nakapaskil na. Maaari rin kayong lumagda para sa isang RSS feed.

**Para sa mga sagot tungkol sa mga tanong sa paggamit ng lupain:**

- Para sa pangkalahatang katanungan tungkol sa pagsosona, mangyaring tumawag sa Seattle DCI's Public Resource Center sa (206) 684-8467 at maig-iwan ng detalyadong mensahe o magpadala ng email sa **prc@seattle.gov**.
- Para sa impormasyon tungkol sa partikular na lugar na Single Family na pagsosona, mangyaring tumawag sa Seattle DCI's Applicant Services Center sa (206) 684-8850.
- Dahil sa pagka-masalimuot ng Kodigo ng Paggamit ng Lupain sa Seattle, lahat ng iba pang uri ng impormasyon sa pagsosona ay dapat kunin ng personal sa aming Applicant Services Center (ASC). Ang ASC ay matatagpuan sa ika-20 palapag ng Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue. Maaari rin kayong magsumite ng mga tanong sa pamamagitan ng aming online Land Use Q&A Service sa **http://web6.seattle.gov/dpd/LUQnA/?Type=1**.

**Para sa impormasyon sa pag-aari, mga mapa, at talaang pangkasaysayan:**
Gamitin ang aming mga serbisyo sa online sa **www.seattle.gov/dpd/toolsresources/** o bumisita sa PRC na matatagpuan sa ika-20 palapag ng Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue.

**Upang masubaybayan ang pahintulot:**
Gamitin ang aming mga serbisyo sa online sa **www.seattle.gov/dpd/toolsresources/** upang masubaybayan ang kalagayan ng pahintulot.

*Inilimbag sa papel na ganap na walang chlorine at gawa sa 100% post-consumer fiber*

ilalathala sa Land Use Information Bulletin, isang karatulang nakapaskil sa pag-aari at ang pasabing ipinadala sa koreo sa mga nagbigay ng puna sa proyekto.

## Maaari Ba Akong Gumawa ng Kaibahan?

Oo, kaya ninyo. Sinabi ng mga tagapagbuo na ang mga puna ng kapitbahay na natanggap sa pamamagitan ng proseso ng pagrepaso sa disenyo ay tumulong sa kanila upang mapabuti ang kanilang mga proyekto. Ang mga puna ng publiko ay ang naging dahilan upang baguhin ng mga tagapagbuo ang kanilang proyekto o magsumite ng ganap na bagong plano na tumutugon sa mga alalahanin ng komunidad.

Ang mga nagpaplano sa Seattle DCI ay maingat na nirerepaso ang mga punang ibinigay ng publiko bago ilabas ang kanilang mga desisyon.

## Ano Ang Mga Apela?

Karamihan sa mga proyekto na nangangailangan ng mga karatula na ipapaskil ay kabilang ang pagkakataon na umapela sa desisyon ng Seattle DPD. Ang apela ay isang pagkakataon na tutulan ang isang desisyon ng Seattle DCI nang hindi pumupunta sa korte. Ang impormasyon kung paano maghahain ng apela ay kabilang sa pasabi ng desisyon. (Karamihan sa mga apela ay dinidinig ng City Hearing Examiner. Ang detalyadong impormasyon kung paano maghahain ng apela sa Shoreline Hearings Board ay matatagpuan sa Tip 232, *How to Appeal the Granting, Conditioning or Denial of Shoreline Permits [Paano Mag-apela sa Paggagawad, Pagkondisyon o Pagtanggi sa Pahintulot sa Tabig-dagat].*)

## Higit pa sa mga Apela

Kung alinman sa panig ng isang apela ay hindi sumasang-ayon sa kinalabasan, ang desisyon sa apela ay maaaring hamunin sa korte.

City of Seattle
Department of Construction and Inspections







Tagalog

ang mga kapitbahay na

# PUMANSIN

**Gabay ng Seattle DCI sa mga Pasabi at Pamumuna ng Komunidad**

## Ano Ang Ibig Sabihin Para Sa Akin Ng Mga Karatula ng Pasabi Tungkol Sa Paggamit ng Lupain sa Seattle?

Kapag inyong nakita ang isang karatula ng Seattle DCI sa isang ari-arian, ituring itong isang paanyaya na makilahok sa pag-unlad ng komunidad! Kayo ay inaanyayahang magbigay ng puna sa mga panukala sa pag-unlad na inilarawan sa aming mga pasabi sa publiko.

- Ang mga malalaking puting karatula ay nakapaskil kung ang laki ng proyekto ay nagiging dahilan ng pagrepaso ng maaaring mga epekto sa kapaligiran (kilala bilang pagrepaso sa SEPA).
- Ang dilaw na may sukat na 18 x 24 pulgadang karatula ay nakapaskil para sa ibang mga panukala sa Paggamit ng Lupain, kabilang ang mga pampublikong pulong, pagkakaiba, kondisyon sa paggamit, karamihan sa mga proyekto sa tabing-dagat, at maliliit na mga proyekto sa subdibisyon.
- Ang katabing mga may-ari ng ari-arian at nangungupahan ay maaari ring makatanggap sa koreo ng pasabi ng mga partikular na aplikasyon.

Mangyaring tandaan na maraming proyekto ay hindi nangangailangan ng pampublikong pasabi. Ang mga proyektong iyon ay walang mga karatula na nakapaskil at wala itong panahon sa pagpuna o pagkakataon sa apela.

2015

## Sino ang Maaaring Magbigay ng Puna?

Kahit sino! Mga residente, estudyante, empleyado at may-ari ng negosyo—sinumang sa palagay nila ay maaapektuhan ng panukala.

## Bakit Nangangalap ng mga Pampublikong Puna?

Ang Lungsod ay kinikilala na ang mga tao ay may bukod-tanging kaalaman tungkol sa mga lugar kung saan sila naninirahan at nagtratrabaho. Ang layunin ng pagkolekta ng mga puna ay upang tulungan ang Seattle DCI na tukuyin ang mga maaaring problema at makahanap ng mga solusyon ayon sa legal na limitasyong itinakda ng kodigo.

## Kailan Maaaring Magbigay ng mga Puna?

Ang mga karatula sa Paggamit ng Lupain at iba pang mga pasabi ay maliwanag na nagsasaad ng simula at katapusan ng mga petsa ng opisyal na panahon ng pagbibigay ng puna. Sa pangkaraniwan, ang Seattle DCI ay mas mahaba kaysa sa inilathalang panahon ng pagpuna para makagawa ng panghuling desisyon. Isasaalang-alang ng Seattle DCI ang anumang puna na ipinagkaloob bago gawin ang desisyon, sa kabila nang kung ito ay darating sa loob ng opisyal na panahon ng pagbibigay ng puna. Gayunman, ang pagsusumite ng inyong mga puna nang maaga ay ang tanging paraan lamang upang matiyak na may panahon pa tayong isaalang-alang ang mga ito bago gumawa ng desisyon.

## Anong Mga Puna Ang Isinasaalang-alang?

Maaari lamang isaalang-alang ng Seattle DCI ang mga punang tumutugon sa mga kailangang natukoy sa kodigo ng Paggamit ng Lupain. Ang mga puna tungkol sa epekto ng proyekto sa halaga ng ari-arian o pananaw ng pribado ay hindi maaaring tugunan. Sa ibaba ay ang mga halimbawa ng mga uri ng mga alalahaning maaaring isaalang-alang para sa iba't ibang proyekto. Sa ilang mga kaso, ang isang proyekto ay maaaring magsama ng higit sa isa sa mga bahaging ito.

**SEPA (State Environmental Policy Act):** Ang mga polisiyang ito ay nagbibigay ng proteksiyon sa ating likas na kapaligiran, kabilang ang: lupa, tubig, hangin, bihirang halaman, at mga nanganganib na hayop. Ang mga polisiyang ito ay tinutugunan din ang mga itinayong kapaligiran tulad ng trapiko, ilaw at nakakasilaw. Ang ordinansa ng SEPA ay mayroong 19 na mga katulad na mga polisiya. Maaari kayong kumuha ng kopya sa Seattle DCI o online sa **www.seattle.gov/dpd/codesrules/codes/** (na naka-ugnay sa ilalim ng mga kaugnay na mga batas sa Paggamit ng Lupain).

**Tabing-dagat:** Ang mga tabing-dagat sa mga pangunahing pangkat ng katubigan ay nangangailangan ng karagdagang masusing pagsusuri upang protektahan ang kalidad ng tubig, likas na paninirahan, mga paggamit sa mga umaasa sa tubig, at pampublikong pananaw; at upang mapabuti ang pampublikong paggamit sa tubig.

**Pagkakaiba:** Ang mga pagkakaiba ay kinakailangan kapag ang isang bukod-tanging sitwasyon ay humahadlang sa pag-unlad na sumasang-ayon sa kodigo. Ang limang pamantayan para sa pagtataya ng kahilingan sa pagkakaiba ay 1) ang hindi karaniwang mga kondisyon ng pag-aari na maaaring humadlang sa may-ari mula sa ganap na pagpapaunlad sa ari-arian; 2) kung ang pagkakaiba ay masyadong lumayo; 3) ang paggawad ng pagkakaiba ay hindi magiging sanhi ng pisikal na kapahamakan o negatibong makaka-apekto sa katangian ng lugar; 4) ang hindi paggawad ng pagkakaiba ay lilikha ng paghihirap o pisikal na kahirapan; at 5) ang paggawad ng pagkakaiba ay sumasang-ayon sa diwa at layunin ng Kodigo sa Paggamit ng Lupain.



### Paano Ako Makakagawa ng mga Mabibisang Puna?

- Maikling ipaliwanag kung sino kayo at bakit kayo interesado sa proyekto.
- Repasuhin ang mga talaan at plano ng proyekto.
- Sabihin ang inyong mga alalahanin sa mga may-kaugnayang isyu sa maliwanag at maikling paraan.
- Sabihin ang mga opinyon at nagugustuhan, at magmungkahi ng mga alternatibong solusyon sa partikular na mga isyu.
- Humingi ng mga pag-aaral na sa tingin ninyo ay mahalaga ngunit hindi ibinigay.
- Magbigay ng inyong sariling impormasyon.
- Tukuyin ang mga katangian ng proyekto na nais ninyo at sa inyong palagay ay nararapat na hindi baguhin.
- Magbigay ng puna tungkol sa pagsunod ng proyekto sa Kodigo ng Paggamit ng Lupain (Land Use Code).
- Ibigay ang inyong USPS mailing address para masabihan namin kayo ng mga desisyon at/o pampublikong mga pulong.

**Administratibong mga Paggamit ng May-kondisyon:** Ang mga paggamit na pinapayagan sa ilang mga sona kung nakatugon sa mga partikular na pamantayan. Ang mga pamantayang ito ay nakatuon sa mga epekto tulad ng ingay, amoy, kalat, pagkasilaw mula sa ilaw, paradahan ng sasakyan, o trapiko. Ang mga pamantayan ay maaari ring matugunan ang mga paggamit, tulad ng paglimita sa paggamit sa pamahayan sa mga lugar na marami ang matatagpuang komersiyo o industriya upang mahadlangan ang mga hidwaan.

**Pagrepaso ng Disenyo:** Ang Pagrepaso ng Disenyo ay tumutugon sa pisikal na anyo ng gusali at kung paano ito nauugnay sa mga kapaligiran nito, kabilang ang kabuuang sukat at hugis ng gusali, paglikha ng tanawin, at materyales. Ang mga alalahanin sa kapaligiran, tulad ng trapiko at epekto ng paradahan ng sasakyan, ay hindi tinutugunan ng pagrepaso ng disenyo. Ang Pagrepaso ng Disenyo ay hindi kinakailangan para sa lahat ng mga proyekto at binabanggit ito sa kodigo ng paggamit sa lupain.

## Ano ang Dahilan ng Pagkakaroon ng Pampublikong Pulong?

Ang ilang mga proyekto ay nangangailangan ng isang pampublikong pulong bilang bahagi ng proseso ng pagrepaso. Para sa iba pa, ang pampublikong pulong ay maaaring pigilin kung nakatanggap ang Seattle DCI ng kahilingan mula sa kahit 50 tao. Ang pasabi ng mga pampublikong pulong ay



